# Ang Halik ni Digong Daga



Kuwento ni: Imelda A. Tolentino
Guhit ni: Ma. Jane D. Dela Cruz



***<u>Ang Halik ni Digong Daga</u>***

Maikling Kuwento sa Kindergarten

***Kasanayan sa Pagkatuto***

***SEKPSE-IIIc-6 **** Naipakikita ang kahandaan na sumubok ng bagong karanasan

***KMKPPam-00-5 **** Naipakikita ang pagmamahal sa mga kasapi ng pamilya sa pamamagitan ng paghalik, pagsasabi ng mga salitang may pagmamahal

***LLKAPD-Id-4 **** Tell if the sound is loud/soft, high/low

***LLKAK-IC-1**** Identify the letters of one's given name

***LLKV-00-8 **** Name the places and the things found in the community





## Treasury of Storybooks

This story book is a product of the National Competition on Storybook Writing 2019 of the Department of Education.

Pursuant to the Intellectual Property Code of the Philippines, no copyright shall subsist in this work of Government of the Philippines. However, prior approval of the Department of Education shall be necessary for exploitation of such work for profit. DepEd may, among other things, impose as a

condition the payment of royalties. No prior approval or conditions shall be required for the use for any purpose of statutes, rules and regulations, and speeches, lectures, sermons, addresses, and

dissertations, pronounced, read or rendered in courts of justice, before administrative agencies, in collaborative

assemblies and in meetings of public character.

For the purpose of citation, the following is recommended.

Imelda A. Tolentino., Ang Halik ni Digong Daga. DepEd-BLR,2019.

DEVELOPMENT TEAM

Kuwento ni: Imelda A. Tolentino
Guhit ni: Ma. Jane D. Dela Cruz

Learning Resource Managers: Marivel G. Morales
Rizalino G. Caronan

Santiago City
Region 02


# Ang Halik ni Digong Daga

Malapit nang lumubog ang araw nang magpaalam si Dorang Daga kay Digong Daga.



“Aalis ako anak upang manguha ng panghapunan natin. Bago ako umalis sabihin mo muna ang mga dapat gawin,” utos ng Ina.






"Isara ang pinto,
ikandado ito,
ilaylay ang kurtina,
sindihan ang ilaw.
Ngayon ako'y ligtas kay
Durko, na isang pusang ligaw."

"Magaling Digong! May nakalimutan pa ba tayo?"

"Mmm wala na po Ina," ang sagot niya. Kaya't nagmadali nang umalis ang Ina.



Blag! Tunog ng pinto.



Klik! Tunog ng susi.



Swiss! Pagsara ng kurtina.





At doon naalala ni Digong Daga!



Kinalampag niya ang bintana.
“Ina!” sigaw niya.
“May nakalimutan tayo!”
Ngunit hindi siya narinig nito.




Sumigaw uli si Digong Daga at muling kinalampag ang bintana.

Bag– bag– bag!

“Ina! Hintay ! May mahalagang bagay tayong nakalimutan.”





Tanging huni ng mga ibon at hangin ang naririnig ni Dorang Daga. Patuloy pa rin ito sa paglalakad.





*Ano ang kanyang gagawin ?*

“Kailangan kong maging matapang. Hindi ako mahuhuli ng pusang ligaw na ‘yun!” ang sabi niya sa sarili.

Bahagyang huminto si Dorang Daga."Parang may narinig akong ingay.Hindi kaya si Durkong pusa iyon? Naku!, kailangan kong mag-ingat at magmadali!"





Mula sa kakahuyan kailangan niyang dumaan sa isang napakalinis na batis. At lumundag , tumalon sa mga batuhan upang makatawid.

Nagmamamadaling lumabas at tumakbo si Digong Daga."Ina, sandali lang po may mahalagang bagay tayong nakalimutan!"






Ngunit nakalayo na ang kanyang Ina. Sumigaw muli, mas malakas."Ina sandali lang po may mahalagang bagay tayong nakalimutan !"



Hanggang marating niya ang isang malawak na kabukiran. Tumakbo si Dorang Daga patungo sa kamalig.





Lingid sa kanyang kaalaman kanina pa siya sinusundan ni Durkong pusa.

" Hmmm… masarap na hapunan!" nakangisising sabi niya.



Ang kawawang si Digong Daga, humihingal sa paghabol sa kanyang Ina."Ina, sandali lang po may mahalagang bagay  tayong nakalimutan!" malakas na sigaw ni Digong Daga.



Bahagyang huminto si Dorang Daga."Parang may narinig akong ingay.Hindi kaya si Durkong pusa iyon? Naku!, kailangan kong magmadali!"

Lumusot sa maliit na butas ng dingding ng kamalig si Dorang Daga. "Wow, ang daming palay!" tuwang- tuwang sabi niya.



Umakyat sa kumpol ng palay at inihanda ang lalagyan. Habang abala si Dorang Daga, hindi niya napansin si Durkong Pusa.



At dahan- dahan ...

Si Durkong Pusa, palapit…

nang palapit…

nang palapit…

hanggang...






Umakyat sa  nakasalansan na mga tubo si Digong Daga at buong lakas niyang isinigaw,"Ina, may mahalagang bagay tayong nakalimutan!"




Sa sobrang lakas ng ingay...
“Yawl! sigaw ni Durkong Pusa.
Na sa takot  at gulat ay nahulog
at kumaripas ng takbo.

“Kikik!” ang sigaw ni Inang Daga at gumulong– gulong pababa.
“Anong ginagawa mo dito anak?” usal nito sa anak.



Paumanhin Ina, nakalimutan ko kasing humalik sa iyo," bulong na sabi ni Digong Daga. Sabay halik sa Ina.



Umuwi silang masaya.



Dumaan sa pilapil…



Sa mga batuhan ng batis…

Sa kakahuyan…



At sa kanilang tahanan.

Blag!

tunog ng pinto.





Masarap na pagkain ang pinagsaluhan ng mag-Ina. “Dahil sa nakalimutan nating halik ay nailigtas mo ako, salamat anak,” sabi ng Ina.



Ngunit huwag mo ng uulitin ang paglabas ng bahay, lubhang mapanganib!" bilin ng Ina.

"Opo, mag-iingat ako palagi," tugon ni Digong Daga sa kanyang Ina.




At mula noon, sa tuwing aalis ang Ina, halik at pagmamahal ni Digong ang pabaon niya.





## May-akda



Si Imelda A. Tolentino ay ipinanganak noong ika- 6 ng Marso 1978, sa Ambalatungan Santiago City, Isabela. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Elementary Education sa Pamantasang Normal ng Pilipinas (Isabela Campus), taong 1998. Siya ay Teacher III sa Santiago North Central School Sped Center, Dibisyon ng Lungsod ng Santiago Isabela, Rehiyon 02.

## Ilustrador



Si Ma. Jane D. Dela Cruz ay ipinanganak noong Ika– 21 ng Hulyo 1993, sa Malvar Santiago City, Isabela. Siya ay nagtapos ng kursong Bachelor of Secondary Education sa Pamantasang Normal ng Pilipinas (Isabela Campus), taong 2013. Siya ay Teacher I, at sa kasalukuyan ay nagtuturo sa Divisoria High School-Naggasican Extension, Dibisyon ng Lungsod ng Santiago Isabela, Rehiyon 02.

# Ang Halik ni Digong Daga

"Ina, sandali lang po!"



May mahalagang bagay na nakalimutan si Digong Daga na gawin bago umalis Si Dorang Daga!

Mahahabol ba niya ang kanyang Ina?

Makaliligtas kaya sila kay Durko na isang pusang ligaw?